Papel-Kaalaman

# Mga Reklamo sa ilalim ng Racial Discrimination Act

## Ano ang Racial Discrimination Act (Batas sa Diskriminasyon sa Lahi)?

Ang *Racial Discrimination Act 1975* (Cth) (ang RDA) ay ginagawang labag sa batas ang pagtrato sa iyo nang di-makatarungan dahil sa iyong lahi, kulay, pinagmulan, nasyonalidad o etnisidad, o pang-migranteng katayuan.

Ginagawa rin nitong labag sa batas ang pagkamuhi sa lahi (racial hatred).

## Kailan magagamit ang batas na ito?

Magagamit mo ang RDA upang makakuha ng makatarungang pagtrato sa maraming bahagi ng pampublikong buhay:

- **Trabaho** – pagkuha ng trabaho, mga takda at kondisyon ng trabaho, pagsasanay, pagtaas sa tungkulin, pagkatiwalag.
- **Edukasyon** – pag-enrol o pag-aaral sa pribado o pampublikong paaralan, kolehiyo o unibersidad.
- **Akomodasyon –** pag-upa o pagbili ng bahay o unit.
- **Pagkuha o paggamit ng mga serbisyo** – gaya ng bangko o seguro, mga serbisyong inaalay ng mga kagawaran ng pamahalaan, transportasyon o telekomunikasyon, mga serbisyong propesyonal gaya ng ibinibigay ng mga abogado, doktor o mga tradespeople, mga serbisyong iniaalok ng mga restoran, pamilihan o mga lugar-panlibangan.
- **Paggamit ng mga pampublikong lugar** – gaya ng mga park, mga opisina ng pamahalaan, mga restoran, mga otel o mga sentrong-pamilihan.

## Ano ang diskriminasyon sa lahi?

Ang diskriminasyon sa lahi ay nangyayari kapag ang isang tao ay tinatrato nang di-mahusay kaysa sa ibang tao sa katulad na sitwasyon dahil sa kanyang lahi, kulay, pinagmulan, nasyonalidad o etnisidad, o pang-migranteng katayuan. Halimbawa, ito ay ‘direktang diskriminasyon’ kung ang ahente ng real estate ay tatangging magpa-upa ng bahay sa isang tao dahil siya ay mula sa isang partikular na lahi o kulay ng balat.

Ang diskriminasyon sa lahi ay nangyayari rin kapag may tuntunin o patakaran na pare-pareho para sa lahat nguni’t may di-makatarungang epekto sa mga tao na mula sa isang partikular na lahi, kulay, pinagmulan, nasyonalidad o etnisidad, o pang-migranteng katayuan.

Ito ay tinatawag na 'di-direktang diskriminasyon'. Halimbawa, ito ay di-direktang diskriminasyon kung ang isang kompanya ay magsasabi na ang mga empleyado ay hindi dapat magsuot ng mga hat (sombrero) o iba pang pangsuot sa ulo sa trabaho, dahil ito ay malamang magkaroon ng di-makatarungang epekto sa mga tao na mula sa ilang lahi o etnisidad.

## Ano ang pagkamuhi sa lahi?

Labag sa batas na gumawa ng isang bagay sa publiko batay sa lahi, kulay, nasyonalidad o etnisidad ang isang tao o grupo ng tao na malamang **makasakit ng damdamin, mang-insulto, manghiya o manakot.**

Mga halimbawa ng pagkamuhi sa lahi ay maaaring kabilangan ng panlahing:

- Nakasasakit-damdaming mga materyal sa internet, kabilang ang mga e-forum, blog, mga sityo ng social network, at mga sityo na nagbabahagi ng video
- Nakasasakit-damdaming mga komento o larawan sa mga lathalain gaya ng mga peryodiko, magasin, polyeto o paskil
- Nakasasakit-damdaming mga talumpati sa mga pampublikong rally
- Mapang-abusong mga komento sa isang pampublikong lugar, gaya ng tindahan, lugar ng trabaho, park, sa pampublikong transportasyon o sa paaralan.
- Mapang-abusong mga komento sa mga kaganapang isport ng mga manlalaro, mga manonood, mga coach o mga opisyal.

## Kailan hindi labag sa batas ang nakasasakit-damdaming pag-aasal batay sa lahi?

Nilalayon ng RDA na balansehin ang karapatang magkomunikasyon nang malaya ('kalayaan ng pananalita') at ang kalayaang mamuhay nang walang pagkamuhi sa lahi. Sinasabi ng RDA na ang sumusunod na mga bagay ay hindi labag sa batas kung ang mga ito ay **"ginagawa nang makatwiran at may matapat na layunin"** sa:

- **isang likhang-sining o palabas –** halimbawa, isang dula kung saan ang isang tauhan ay nagpapahayag ng panlahing nakasasakit-damdaming saloobin.
- **ginawang pahayag, lathalain, talakayan o debate para sa mga tunay na layuning akademiko o siyentipiko –** halimbawa, talakayan at pagdedebate ng pampublikong patakaran gaya ng imigrasyon, multikulturismo, o espesyal na mga hakbang para sa partikular na mga grupo.
- **paggawa ng makatarungan at tumpak na ulat tungkol sa isang bagay na para sa pampublikong kapakanan –** halimbawa, isang makatarungang ulat sa diyaryo tungkol sa panlahing nakasasakit-damdaming pag-aasal.
- **Paggawa ng makatarungang komento**, kung ang komento ay pahayag ng totoong paniniwala ng isang tao.

## Ano ang aking magagawa kung dumanas ako ng diskriminasyon o pagkamuhi sa lahi?

Maaaring naisin mong makipag-usap nang direkta sa tao o mga taong kasangkot.

Kung hindi ito malulutas nito, o hindi ka komportableng gawin ito, maaari kang magreklamo sa Australian Human Rights Commission (Komisyon sa mga Karapatang Pantao sa Australya). Maaari ka ring magkaroon ng isang abogado, tagataguyod, o trade union na magreklamo sa ngalan mo.

Libre ang pagrereklamo sa Commission.

Ang iyong reklamo ay kailangang nakasulat. May pormularyo ang Commission na maaari mong punan at ipadala sa koreo, o i-fax sa amin, o makapagsusumite ka ng reklamo online sa aming website. Kung hindi mo kayang isulat ang iyong reklamo, matutulungan ka namin.

Para maging balido ang iyong reklamo, ito ay dapat makatwirang maipaliwanag na ang mga pangyayari na nais mong ireklamo ay labag sa batas na diskriminasyon at dapat kang magbigay ng sapat na mga detalye tungkol sa iyong mga sinasabi kabilang ang kung ano ang nangyari, kailan at saan ito nangyari at sino ang kasangkot.

Ang reklamo ay maaring gawin sa anumang wika. Kung kailangan mo ng tagasaling-wika o interpreter, maisasaayos namin ito.

## Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga detalye ng pagkontak sa Australian Human Rights Commission ay:

**Telepono**
National Information Service (Pambansang Serbisyo ng Impormasyon): 1300 656 419 o (02) 9284 9888
TTY: 1800 620 241 (libreng tawag)
Fax: (02) 9284 9611

**Sa koreo**

GPO Box 5218
Sydney NSW 2001

**Online**
Email: infoservice@humanrights.gov.au
Website: www.humanrights.gov.au

Maaari kang magreklamo online
www.humanrights.gov.au/complaints_information/online_form/index.html.

Kung ikaw ay bingi o may pinsala sa pandinig, maaari mo kaming kontakin gamit ang TTY sa 1800 620 241. Kung kailangan mo ng Auslan interpreter, maisasaayos namin ito.

Kung ikaw ay bulag o may pinsala sa paningin, kami ay makapagbibigay ng impormasyon na nasa mga alternatibong format kung hihilingin ito.

## Iba pang kontak para sa mga reklamong pagkamuhi sa lahi

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa nakasasakit-damdaming mga istorya sa media, mga brodkast o mga online na komento, maaari kang magreklamo sa Australian Communications and Media Authority (ACMA); sa Advertising Standards Board para sa mga anunsiyo; o sa Australian Press Council para sa mga istorya sa diyaryo. Makapagrereklamo ka rin sa Patnugot o Manedyer ng organisasyon ng media.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa nakasasakit-damdaming pag-aasal ng mga kapitbahay, malalapitan mo ang Community Justice Centre (Sentro ng Katarungang Pangkomunidad) upang tumulong lutasin ang problema, o sa Kagawaran ng Pabahay kung ikaw ay nakatira sa pampublikong pabahay.

**Kung ikaw ay binantaan ng karahasan o inatake nang marahas, pumunta ka sa pulisya.**

## Pangkalahatang pambatas na payo

Kung ikaw ay nag-iisip na gumawa ng reklamo, maaaring naisin mong kumuha ng pambatas na payo o kontakin ang iyong trade union. Ang mga pambatas na serbisyo sa komunidad ay makakapagbigay ng libreng payo tungkol sa diskriminasyon at pagkamuhi sa lahi. Ang mga detalye ng pagkontak para sa pinakamalapit na community legal centre (sentrong pambatas sa komunidad) ay matatagpuan sa www.naclc.org.au/directory.

**Pagtatatwa: Ang impormasyon sa papel-kaalamang ito ay nilalayon lamang bilang isang gabay. Hindi ito kahalili ng pambatas na payo.**